

Taon XXXVIII Blg. 16 Agosto 21, 2007 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Samantalahin ang kaguluhan at malawakang demoralisasyon sa AFP

Armed Forces of the Philippines (AFP) bunsod ng sunud-sunod na mga pinsalang tinamo ng mga pwersa nito sa nagdaang buwan.

Sa Basilan at Sulu, mayor na mga kabiguan ang dinanas kamakailan ng mga yunit ng AFP sa kamay ng mga pwersa ng Moro Islamic Liberation Front (MILF), Moro National Liberation Front (MNLF) at mamamayang Moro.

ng bansa, malawakan din ang idinudulot na pinsala ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa AFP.

Labis na ikinagagalit ng karaniwang mga sundalo at mga nakababatang upisyal ng AFP ang paggamit sa kanila bilang pambala ng kanyon at pamain sa pinatitinding todo-digma ng rehimeng US-Arroyo. Lalo nilang ikinagagalit ang malalang korapsyon at pagpapakasasa ng mga pinunong upisyal ng rehimen at ng AFP

sa kapinsalaan ng kabuhayan ng karaniwang mga sundalo. Talagang daranas ng malalaking kabiguan ang AFP at lalo pa itong lalala dahil di makatarungan at pasista a n g gerang isinusulong ng rehimeng US-Arroyo laban sa Bangsamoro at m a m a m a -

Mga tampok sa isyung ito...

Sa iba pang panig

Berdugong yunit ng militar, pinarusahan PAHINA 5

Turismong medikal PAHINA 8

Welga sa Chiyoda, tagumpay PAHINA 10 yang Pilipino. Ipinakikita ng sunud-sunod at tuluy-tuloy na mga tagumpay ng mga pwersang gerilya hindi lamang ang kanilang husay at kalamangan sa taktika at pamilyaridad sa tereyn, kundi ang kawastuan, malawak na suportang masa at pagkamakatarungan ng kanilang mga gera para sa pagpapasya-sasarili at panlipunang pagpapalaya.

Ang totoong target ng todong opensibang operasyon sa Basilan at Sulu ay ang MILF at MNLF, at hindi ang pipitsuging bandidong grupong Abu Sayyaf, tulad ng pinalalabas ng rehimen at ng AFP. Sa kabila ng umiiral na mga prosesong pangkapayapaan sa pagitan ng reaksyunaryong qubyerno at ng MILF at MNLF, naglunsad ng mga pag-atake ang rehimeng US-Arroyo sa mamamayang Moro upang mapahina ang kanilang determinasyong makibaka para sa pagpapasya-sasarili at lupaing ninuno, isabotahe ang mga usapan at kasunduang pangkapayapaan, at pasukuin ang mga rebolusyonaryong pwersang Moro. Nais bawiin ng rehimen ang mga tagumpay na natamo ng mamamayang Moro sa ilang dekada ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Sinasagasaan ng mga operasyon ng AFP sa Basilan at Sulu ang mga umiiral na kasunduang pangkapayapaan sa MNLF at MILF at tumutungo ito sa isang todo-todong digma laban sa Bangsamoro. Nakikiisa ang paparaming sundalo at kanilang mga kapamilya sa mamamayang Moro, mga progresibo at demokratikong pwersa, mga taqapaqtaquyod ng karapatang-tao, aktibistang pangkapayapaan, simbahan at iba pang mga sektor ng mamamayan sa pananawagang bawiin ni Arroyo ang kanyang kautusang isagawa ang todo-opensiba laban sa MILF at MNLF.

Nagmamatigas ang rehimeng US-Arroyo na ilunsad ang todong opensiba laban sa mamamayang Moro sa kabila ng malalaking pinsalang tinamo ng AFP at malawakang dislokasyon at kahirapang dulot nito sa ilampung libong pamilya sa Basilan at Sulu. Nagkukunwaring interesado pa ito sa usapang pangkapayapaan, pero tumatanggi itong itigil ang todo-opensiba at isinagawa na nga ang pagdedeploy ng mahigit 5,000 tropa nito sa Basilan at Sulu.

Dahil sa pagkatuso ng rehimeng US-Arroyo at pagmamatigas

makipagdigma, walang ibang masusulingan ang mga rebolusyonaryong pwersang Moro kundi ang patatagin ang kanilang determinasyon at paigtingin ang rebolusyonaryong armadong paglaban sa rehimeng US-Arroyo. Habang sinisikap nilang isalba ang sinasalaulang usapang pangkapayapaan at mga tagumpay na natamo sa pamamagitan nito, dapat nilang pahigpitin ang pagtangan sa sandata upang epektibong maisagawa kapwa ang mga hakbanging depensiba at opensiba at biquin ang pasistang pananalakay ng teroristang rehimen.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at pinamumunuan nitong mga rebolusyonaryong pwersa ay nagpapahayag ng lubos na pagsuporta sa armadong paglaban ng mga rebolusyonaryong pwersa ng MTIF at MNIF.

Inaatasan ng PKP ang lahat ng yunit ng BHB sa Mindanao at buong bansa na maglunsad ng mga taktikal na opensiba upang samantalahin ang kasalukuyang kaguluhan sa loob ng AFP at makipagtulungan at magbigay ng suporta sa armadong paglaban ng Bangsamoro.

Ang deployment ng libu-libong tropa mula sa ibang rehiyon patungo sa Basilan at Sulu ay nagreresulta sa pagnipis ng iba pang yunit ng AFP sa mga lugar ng operasyon ng BHB. Maaari itong samantalahin ng BHB sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa humihina at nahihiwalay na mga yunit ng kaaway.

Dapat puspusang ilunsad ang mga taktikal na opensiba sa iba't ibang panig ng bansa upang lalong magkagulo sa loob ng AFP, lalong humina at mahiwalay ang bulok at brutal na rehimen, lumakas ang hukbong bayan at mga rebolusyonaryong pwersa at umabante ang digmang bayan sa bago at mas mataas na antas.

Bayan

Taon XXXVIII Blg. 16 Agosto 21, 2007

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Welga sa Chiyoda

| Editoryal | 1 |
|------------------------------------|---|
| 23,000 sibilyang biktima | 3 |
| Sunud-sunod na pagkatalo ng AFP | 3 |
| Presensya ng US sa Sulu, binatikos | 4 |
| Matatagumpay na opensiba | _ |
| Berdugong yunit, pinarusahan | 5 |
| Pagbigo sa OBL2 sa Bicol | 5 |
| Misencounter ng AFP sa Masbate | 6 |
| Pasistang pananalanta ng estado | |
| 3 lider-kababaihan, ginipit | 6 |
| NDFP, nagsampa ng kaso sa UN | 7 |
| Ulat kay Jonas, di ipalalabas | 8 |
| Turismong medikal | 8 |

10

11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Balita

Sa mga lugar kung saan kumikilos kapwa ang BHB, MNLF o MILF, maaaring maglunsad ng magkaagapay o magkasanib na mga opensibang operasyon laban sa AFP. Mahalagang magkaisa, magsuportahan at magtulungan ang iba't ibang mga rebolusyonaryong pwersa sa puspusang paglaban at pagbigo sa todong opensiba ng teroristang rehimeng US-Arroyo.

Kasabay nito, inaatasan ng PKP ang BHB at lahat ng rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan nito na samantalahin ang lumalala at malawakang kaguluhan at demoralisasyon sa hanay ng AFP sa pamamagitan ng pagpapaigting ng pag-oorganisa sa hanay ng karaniwang mga tauhan at nakababatang upisyal ng AFP.

Ikinagagalit nila ang labis na kabulukan, korapsyon, brutalidad at pagkatuta ng pamunuan ng AFP at rehimeng US-Arroyo. Lalong galit na galit ang karaniwang mga sundalo at nakababatang upisyal ng AFP sa rehimeng US-Arroyo at mga heneral nito dahil sa walang patumanggang opensiba sa Basilan at Sulu, at sa mga pagpatay, paqdukot, paqtortyur, pwersahang pagpapalikas, pagboblokeyo ng pagkain, at iba pang di makatao at kriminal na gawain ng AFP. Ang lahat ng ito'v isinasagawa alinsunod sa Oplan Bantay Laya 2 ng rehimeng US-Arroyo.

Sa tuwiran at di tuwirang paraan, dapat abutin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang karaniwang mga sundalo at nakababatang upisyal ng AFP upang mulatin sila sa mga saligang suliranin ng mamamayang Pilipino, hikayatin silang tumindig laban sa rehimeng US-Arroyo, pumanig sa paglaban ng bayan at tumulong sa rebolusyon.

23,000 sibilyan, biktima ng opensibang militar sa Mindanao



Umaabot na sa 23,000 katao ang napilitang lumikas sa iba't ibang bayan ng Basilan at Sulu dahil sa walang patid na mga operasyon ng AFP laban sa mga armadong pwersang Moro.

Sa Sulu, mahigit 2,700 pamilya na ang lumikas sa mga bayan ng Parang, Maimbung at Indanan. Sa Basilan, napilitang lumikas ang umaabot sa 1,800 pamilya mula sa mga bayan

ng Al Barka, Sumisip at Ungkaya Pukan. Karamihan sa mga biktima ay mga bata at matatanda. Salat sila sa pagkain at marami sa kanila ang nagkakasakit.

Ang maramihang paglikas ng mamamayan sa Basilan at Sulu ay resulta ng malawakang opensibang inilulunsad ng AFP. Nitong kalagitnaan ng Agosto, mayroon nang 5,000 sundalo ang idineploy sa Sulu at 4,000 tropa sa Basilan. Tinatayang aabot sa ₱1 bilyon ang gagastusin ng gubyerno bawat buwan sa gera sa Mindanao.

Mariing kinundena ng mamamayang Moro laluna na ng mga biktima ng walang pakundangang gera sa Mindanao ang pagpapadala ng rehimeng Arroyo ng dagdag na mga tropa sa Sulu at Basilan. Ayon kay Hatimil Hasan, interim vice chairman ng MNLF, tulong pangkabuhayan ang kailangan ng Sulu, hindi mga bala, bomba at mga tropa. Nangangamba rin ang mga grupong gustong magpadala ng tulong sa apektadong mga lugar gaya ng Sulu Red Cross na madamay ang maraming sibilyan sa labanan, tulad ng nangyari noong Agosto 9. Kinundena rin ng mamamayang Moro at ng Bangsamoro Development Agency ang kautusan ng Task Force Thunder sa ilalim ni Brig. Gen. Juancho Sabban na maglunsad ng food blockade sa Basilan.

Sunud-sunod ang pagkatalo ng AFP

Nagtamo na naman ng matinding dagok ang Armed Forces of the Philippines (AFP) mula sa mga pwersa ng Moro Islamic Liberation Front, Moro National Liberation Front at iba pang armadong Moro.

Sa pinakahuling labanan, 16 ang namatay, kabilang ang limang tinyente ng Philippine Marines at isang tinyente ng Philippine Air Force nang sumiklab ang labanan sa Ungkaya Pukan, Basilan nitong Agosto 18. Bandang alas-6:30 ng umaga, sinalakay ng mga pwersa ng 64th Force Reconnaissance Company at 31st Company ng Philippine Marines ang kampo ng anila'y "mga elemento ng Abu Sayyaf"

sa Sityo Kurellem, Barangay Silangkum ng naturang bayan.

Labintatlong elemento ng Marines ang agad na nabuwal sa lugar ng labanan at ang dalawang iba pa ay sa ospital namatay. May dagdag pang 17 sugatan sa panig ng militar. Nagpatuloy ang labanan hanggang hapon at isa sa dalawang MG-520 helicopter gunship na nagbibigay ng "aerial support" sa mga tropa ang bumagsak. Namatay sa

pagbagsak ng helikopter ang piloto at nasugatan ang dalawa niyang tauhan.

Sa kabila ng umiiral na "news blackout" mula nang magtamo ng malalaking pagkatalo ang AFP sa Basilan, lumusot pa rin ang mga ulat na sumaklolo umano sa labanang ito ang mahigit 100 mandirigma ng MILF mula sa katabing baryo ng Bagindan. Ayon sa militar, malubhang nasugatan at namatay sa labanang ito si Nuridim Mudalam alyas Kumander Nor ng MILF.

Maaalalang noong Hulyo 10, tinambangan ng mga pwersa ng MILF ang mga tropa ng Philippine Marines sa bayan ng Al Barka (dating Tipo-tipo). Namatayan dito ang AFP ng 14 na sundalo at nagtamo ng maraming sugatan. Halos isang buwan pagkatapos nito, 27 ang namatay at siyam ang nasugatang sundalo ng Philippine Army sa pakikipaglaban sa mga pwersa ng MNLF sa Sulu mula Agosto 2 hanggang 9.

Mulat sa lumalalang demorali-

sasyon sa hanay ng mga sundalo, pinaiimbestigahan ni Sen. Antonio Trillanes IV sa Senate Committee on National Defense and Security ang sunud-sunod na pagkatalo ng AFP sa Basilan at Sulu. Sa isinampa niyang Senate Resolution No. 72 noong Agosto 14, sinabi ni Trillanes na nakatanggap siya ng *insider information* na sadyang "ipinain sa kaaway" ng ilang matataas na upisyal ng Malacañang ang mga Marines sa Basilan upang magamit na sangkalan sa paglulunsad ng todong-gera laban sa MILF.

Tinukoy ng dating upisyal ng Philippine Navy at tagapagsalita ng grupong Magdalo na di kukulangin sa limang matataas na upisyal ang may alam sa pangyayari. Aniya, pinaglalaruan lamang ng rehimeng Arroyo ang buhay ng mga sundalo at inosenteng mamamayan. Sinuportahan naman ito ng nakakulong na dating komandant ng Philippine Marines na si Maj. Gen. Renato Miranda. Inilahad niya sa midya na

alam niya at ng iba pang upisyal kung sinu-sino ang sangkot sa naganap na masaker sa Basilan. Dahil dito, nagpanukala sina Trillanes at Rodolfo Biazon, pinuno ng Senate Commitee on National Defense and Security, magsagawa ng imbestigasyon sa insidente. Agad itong hinarang ng rehimen at sinabi ring hindi nito papayagan ang sinumang upisyal ng AFP na dumalo sa imbestigasyon. Inakusahan pa ng rehimen sina Trillanes at Biazon na nagdedestabilisa sa qubyerno.

Sa tangkang pahupain ang demoralisasyon at maiwasan ang matitinding batikos, napilitang aminin ni Gen. Hermogenes Esperon ang kanyang pananagutan bilang hepe ng AFP. Gayunman, sinisi niya ang nakababatang mga kumander at mga tauhan nila dahil sila umano ang may kasalanan sa pagkatalo. Lalo lamang nitong ginatungan ang lumalawak na demoralisasyon sa hanay ng kasundaluhan.

Presensya ng tropang Amerikano sa combat zone, binatikos

Mariing binatikos ng Partido Komunista ng Pilipinas ang taha-

sang panghihimasok ng mga tropang Amerikano sa nagaganap na mga operasyong militar sa Sulu nitong buwan.

Ayon sa mga ulat, hindi lamang simpleng lumalahok ang mga dayong tropa sa paqpapatrulya at mga operasyong kombat. Ang mga ito ang aktwal na nagdidirihe at nagpapatakbo sa mga opensibang militar. Katunayan, nakunan pa ng bidyo ng isang kagawad ng midya ang mga ng US Special pwersa Forces na nakasakay sa isang Humvee vehicle at nangunguna sa isang komboy ng mga sundalong Pilipino sa Indanan, Sulu habang ang mga ito

> ay nagsasagawa ng operasyon laban sa Moro National Liberation Front.

Binatikos din ng mga oposisyunistang senador at kongresista at ng malawak na hanay ng anti-imperyalistang mga pwersa ang malinaw na paglabag ng mga tropang Amerikano sa kasarinlan ng bansa. Batid ng lahat na nililikha lamang ng rehimeng Arroyo ang gera sa Sulu at Basilan, sa kapinsalaan ng mamamayang Moro, upang bigyang katwiran ang

pagpapatuloy ng presensya, pamumuno at direktang pakikialam ng mga tropang Amerikano sa mga lokal na operasyong militar.

Malaon nang nakalatag ang mga tropang Amerikano sa Mindanao. Malaon na ring nabunyag ang kanilang pakikialam at pamumuno sa malalaking operasyong militar sa mga lugar ng mamamayang Moro.

Nitong buwan din, napilitan ang mga upisyal ng rehimen na aminin ang presensya at ang pagsasagawa ng mga operasyon ng mga ahente ng Central Intelligence Agency ng US at iba pang dayuhang ahente sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ang lihim at maruruming operasyon ng mga ito ay direktang nakaugnay sa mga operasyong kombat na isinasagawa ng mga tropang Amerikano sa bansa.





Berdugong yunit-militar, pinarusahan ng BHB

Inambus ng isang yunit ng Alejandro Lanaja Command (Operations Command ng Front 3 ng Bagong Hukbong Bayan [BHB] sa Southern Mindanao) ang isang yunit ng 72nd IB sa Sityo Kidapang, Barangay San Isidro, Monkayo, Compostela Valley noong Agosto 10 ng umaga. Ang isinagawang ambus ay aksyong pamarusa sa 72nd IB dahil sa pagbibigay-proteksyon nito sa plantasyon ng *palm oil* ni Mayor Manuel Brillantes ng Monkayo. Ang alkalde ay isang despotikong lokal na burukrata, ayon kay Ka Aris Francisco, tagapagsalita ng Alejandro Lanaja Command. Sa pamamagitan ng kanyang *death squad* at militar, hinaharas at pinapatay ang mga magsasakang tumututol sa pagpapalawak ng kanyang plantasyon.

Ayon kay Ka Aris, tatlong elementong paramilitar ang namatay at isang regular na sundalo ang nasugatan sa pananambang. Nakakumpiska ang BHB ng isang ripleng M16. Walang kaswalti sa panig ng

mga Pulang mandirigma.

Nabihag din sa naturang pananambang si Pfc. Marjun Gatela, subalit pinakawalan siya noong Agosto 18 sa Purok 9, Barangay Casoon, Monkayo matapos mapatunayan ng hukuman ng demokratikong gubyernong bayan na walang nagawang seryosong krimen ang nabihag na sundalo.

Samantala, nasamsam ng mga Pulang mandirigma ang apat na armas na iba-iba ang kalibre sa Philco Mining Company sa Barangay Camanlangan, New Bataan, Compostela Valley noong Agosto 14. Nakumpiska ang isang UZI submachine gun, isang shotgun at dalawang .357 rebolber. Ang taktikal na opensibang ito ay pamamarusa sa naturang kumpanya dahil sa pinsalang idinudulot ng operasyong pagmimina nito.

Tuluy-tuloy na pagbigo sa Oplan Bantay Laya 2 sa Bicol

Patuloy na binibigo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng Kabikulan ang Oplan Bantay Laya 2. Ayon sa Romulo Jallores Command (RJC-BHB) ng Bicol, lima ang nalagas sa hanay ng berdugong AFP at PNP samantalang pitong iba pa ang nasugatan sa tatlong magkakahiwalay na opensibang inilunsad mula Hulyo 23 hanggang Agosto 5.

Sa Masbate. Pinarusahan nitong Agosto 5 ng isang tim sa ilalim ng Jose Rapsing Command ng

BHB-Masbate ang pusakal na si PO3 Joel Eser ng PNP ng Pio V. Corpuz.

Si Eser ay masugid na sumusuporta sa kontra-rebolusy o narryong digma ng AFP. Bukod sa pagsisilbing giya sa

mqa

tibo

vang

lalatag ng mga kontra-rebolusyonaryong lambat paniktik sa mga baryo na sakop ng bayan ng Pio V.

Corpuz. Kinokotongan niya ang maliliit na mangingisda. Marami siyang kaso ng pambubugbog sa masa. Protektor din siya ng mga iligal na aktibidad ng mga sindikato sa nasabing bayan.

Nasamsam mula sa kanya ang dalawang magasin ng kalibre .45 pistola na puno ng mga bala.

> Sa Sorsogon. Dalawang sundalo

ang namatay at pito ang nasugatan sa isinagawang ambus ng mga Pulang gerilya ng Celso Minguez Command ng BHB-Sorsogon bandang alas-8:00 ng gabi sa Barangay Agosara, Juban nitong Hulyo 30. Kabilang sa mga nasugatan ay ang upisyal ng 2nd IB na si 2Lt. Jay Dumaog.

Ayon mismo sa hepe ng 901st Bde na si Col. Muhamad Nur Askalani, sakay ng pribadong dyip ang tropa galing sa isang operasyong militar sa bayan ng Magallanes at pabalik sa kanilang kampo sa Barangay Aniog, Juban, Sorsogon, nang tambangan ng mga Pulang mandirigma.

Sa Camarines Sur. Hulyo 23, bandang alas-4 ng hapon, nakaengkwentro ng isang iskwad ng BHB ang tropa ng 31st IB sa Barangay Alanao, Lupi. Dalawang sundalo ng berdugong tropa ang namatay pagkatapos ng dalawang-minutong putukan. Walang kaswalti sa panig ng BHB.

operasyon

laban sa BHB, ak-

nag-

si-


Misencounter ng mga sundalo sa Masbate

rationg elemento ng AFP ang napatay, apat na elemento ng CAFGU ang nasugatan at isa pa ang nawawala matapos ang isang *misencounter* sa pagitan ng mga tropa ng Scout Rangers at magkasanib na pwersa ng 22nd IB at CAFGU.

Kinumpirma ng Jose Rapsing Command ng BHB ang nangyaring *misencounter* sa Barangay Balete, Aroroy, Masbate noong Hulyo 31. Napagkamalan ng mga tropa ng Scout Rangers na mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyon ding tropa ng 22nd IB at CAFGU kaya agad na sinalakay at pinaputukan ang mga ito.

Anang JRC, ang misencounter ay bunga ng labis na demoralisasyon at pagkatakot ng mga pasistang tropa. Dulot ito, anila, ng sunud-sunod na bigwas sa kanila ng BHB.

Gaya ng dati'y tinangkang ilihim ito ng pamunuan ng 901st Brigade at 9th Division upang di mapahiya. Subalit nakaabot sa isang himpilan ng radyo ang balita sa pamamagitan ng mga nakasaksing residente. Tumangging magbigay ng pahayag sa midya



3 lider-kababaihan, ginipit



■uluy-tuloy ang panggigipit at panunupil ng pasistang rehimeng Arroyo sa mamamayang Pilipino. Tampok nitong Agosto ang pagmamanman at harasment sa tatlong upisyal ng Gabriela Network USA. Tatlong myembro rin ng Anakpawis ang dinukot sa Zamboanga del Sur habang pinag-iibayo ang panggigipit sa mamamayang Sa Samar, pinaslang ang kapatid ng isang pinaghihinalaang lider ng rebolusyonaryong kilusan.

Agosto 19. Pinaslang sa poblasyon ng Catubig, Northern Samar si Romeo Sarmiento, pinuno ng training center ng Department of Agriculture sa Barangay Irawahan, Catubig. Ang biktima ay kapatid ni Eduardo Sarmiento, pinaghihinalaan ng AFP na isa sa mga kadre ng Partido Komunista sa Eastern Visayas. Pinaslang si Sarmiento kahit wala siyang kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan bilang bahagi ng panggigipit sa mga pamilya ng mga pinaniniwalaang lider-rebolusyonaryo.

Agosto 14. Di bababa sa 100 mga minoryang Agta at 20 pamilyang setler mula sa Dingalan, Aurora ang salat na salat sa pagkain at gamot dahil sa food blockade o di pagpayag na magpasok ng pagkain. Pinagbabawalan din ng militar ang pagpapapasok ng gamot kahit pa kumakalat ang sakit na malarya sa mga residente ng Sityo Pinamaypayan at Sityo Malakawayan, Barangay Umiray, Dingalan. Hibang na idinadahilan ng militar na ang pagkain at gamot ay baka raw mapunta sa Bagong Hukbong Bayan. Pinangangambahang marami ang mamamatay kapag patuloy na pinigilan ng militar ang pagpasok ng kinakailangang mga suplay.

Agosto 5-16. Tatlong pinuno ng Gabriela Network USA (GABnet) ang isinama ng rehimeng Arroyo sa watchlist o listahan ng mga minamanmanan dahil sa umano'y ugnay nila sa mga "teroristang grupo."

Sina Annalisa Enrile, pambansang tagapangulo ng Gabriela Network USA, ang bantog na manunulat na si Ninotchka Rosca, at si Judith Mirkinson, International Relations Officer ng GABNet ay pawang dumalo sa Women's International Solidarity Affair in the Philippines (WISAP) na inilunsad ng grupong GABRIELA. Napag-alaman na ang tatlong lider ng GABnet ay kabilang sa watchlist na ipinalabas ng Department of Justice.

Pinigilang makaalis ng bansa noong Agosto 5 si Enrile. Nang siyasatin niya ang dahilan ng pagpigil sa kanya, pinagpasa-pasahan siya sa iba't ibang ahensya ng qubyerno. Muli siyang hinarang noong Agosto 16, kasama sina Rosca



at Mirkinson, at sinabihang sinisiyasat ang kanilang ugnayan sa Al Qaeda. Kalahating oras silang ibinimbin sa paliparan bago pinayagang makasakay sa eroplano.

Kinundena ng Gabriela ang sinasabing "watchlist" ng DOJ na ginagamit na panakot sa mga dayuhang nais sumuporta sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino.

Agosto 3. Inaresto ng mga pulis ang manggagawang si Karahudin Usman Talib sa isang shopping mall sa Taguig City at pinalalabas na siya'y "terorista" at bahagi umano ng Jemaa Islamiya. Pinaharap pa ng pulis si Talib sa midya kung saan "inamin" niyang siya'y sangkot sa planong pambobomba sa mga istasyon ng bus at shopping mall sa Maynila at Taguig.

Pinabulaanan ni Zainudin Malang, abugado ni Talib ang akusa-

syon ng pulis. Ayon kay Malang, si Talib ay isang dayo mula sa Libutan, Maguindanao na nagtatrabaho bilang tricycle driver sa Maharlika Village habang naghihintay na maproseso ang mga dokumento para makapunta siya sa ibayong dagat.

Inaresto si Talib, kasama ang isa pang Moro, si Juenail Abdul, kahit walang kaakibat na mandamyento de aresto, alinsunod sa mga probisyon ng Human Security Act. Si Abdul ay hindi pa natatagpuan hanggang ngayon.

Sa araw ding ito ay inaresto ng pulisya sina Emran Gumanod, Mohammad Cosain at Nashrudin Cambang, pawang taga-Maguindano at limang iba pa, kabilang ang ilang menor de edad. Ang mga pag-aresto ay isinagawa sa Cotabato City at Davao City. Inaakusahan ang naturang mga biktima ng pambobomba

sa terminal ng bus ng YBL sa Koronadal City noong Agosto 3.

Samantala, dinukot din nitong Agosto 3 ng mga berdugo ng rehimeng Arroyo ang tatlong myembro ng Anakpawis sa bayan ng Guipos, Zamboanga del Sur. Mahigit dalawang linggo nang nawawala ang mga biktima na sina Antonino Roda, 39; Eric Buhain, 23; at Julius Sango, 21.

Sakay ang mga biktima ng isang pampasaherong van papuntang bayan ng Dingas nang sila'y dukutin. Habang ang kanilang sasakyan ay papalapit na sa Barangay Balongating, Guipos bandang 2:45 ng hapon, hinarang sila ng apat na armadong lalaking nakamotorsiklo.

Pwersahang pinalipat ang tatlo at dalawa pang babaeng pasahero sa isang puting *van* na may sakay na limang lalaki.

Dagdag na kaso laban sa rehimeng Arroyo, isinampa ng NDFP sa UN

Tsa pang kaso ang isinampa ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) laban sa gubyernong Arroyo nitong Agosto 10 sa Geneva, Switzerland. Pinananagot ang mga upisyal ni Arroyo sa pagdukot sa dalawang konsultant at isang istap ng NDFP at kanyang asawa. Ang mga konsultant ay sina Leo Velasco, na dinukot sa Cagayan de Oro City noong Pebrero 19, 2007; at Cesar Batralo, na dinukot sa San Mateo, Rizal noong Disyembre 21, 2006. Ang istap ng NDF ay si Federico Intise, na pinaniniwalaang dinukot kasama ng kanyang asawang si Nelly sa Gen. Santos City noong Oktubre 26, 2006.

Sa reklamong idinulog sa United Nations Working Group on Enforced Disappearances, pinananagot ng NDFP sina Gloria Arroyo, AFP Chief of Staff Gen. Hermogenes Esperon, PNP Chief Oscar Calderon, Executive Secretary Eduardo Ermita at National Security Adviser Norberto Gonzales.

Umaasa ang anak ni Velasco

si Lorena na Santos na bupa hay ang kanyang ama at itinatago ito ng militar. Sa tulong ng Karapatan, hinanap ni Santos and nawawala niyang ama sa mga kampo ng militar noong Agosto 8. Sinamahan siya nina Fr. Dionito Cabillas ng Karapatan, Linda Cadapan at Lolita Robinos, na naghahanap din ng nawawala nilang mga anak. Hinarap si Santos ni Lt.

Col. Jack Baltazar ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP). Itinanggi ni Baltazar na nasa kamay nila si Velasco bagamat inamin niyang kabilang siya sa may order

na hulihin.

Ang unang kaso na isinampa ng NDFP sa UN ay tungkol sa pagkawala ng mga konsultant at istap ng NDFP sa sina Rogelio Calubad at anak nitong si Gabriel, Prudencio Calubid at kanyang asawang si Celina Palma, Leopoldo Ancheta at isa pang sibilyang si Gloria Soco. Ayon kay Luis Jalandoni, tagapangulo ng NDFP negotiating panel.

Kahiya-hiya ang patuloy na pagupo sa United Nations Human Rights Council ng mga kinatawan ng gubyernong Arroyo sa kabila ng mga pagbatikos ni UN Special Rapporteur Philip Alston, Amnesty International at iba pang mga organisasyon at institusyong nababahala na sa malalang rekord nito sa paglabag sa karapatang-tao.

Ulat sa pagdukot kay Jonas Burgos, di ipalalabas

Patuloy na tumatanggi ang militar na isapubliko ang resulta ng imbestigasyon ng AFP hinggil sa pagkakasangkot ng mga sundalo sa pagdukot kay Jonas Burgos noong Abril 28. Ikinagalit ng huwes ang di pagsipot ng provost marshall (pinuno ng military police) na si Col. Arthur Abadilla sa pagdinig ng kaso noong Agosto 13.

Maaalalang si Burgos ay dinukot ng mga pinaghihinalaang tauhan ng AFP na gumamit ng sasakyang Toyota Revo na may plakang TAB 194. Ang plakang ito ay napag-alamang nakarehistro sa isang *jeep* na kinumpiska ng militar at nakaparada sa kampo ng 56th IB sa Bulacan.

Inutusan si Abadilla ng 8th division ng Court of Appeals na humingi ng pahintulot kay AFP chief of staff Gen. Hermogenes Esperon, Jr. para isiwalat ang laman ng ulat. Sa pilit na pagtatago ng ulat, lalo lamang nalalantad at nagiging malinaw sa lahat na ang AFP ang may kagagawan sa pagdukot kay Jonas.

Ang programang pangkalusugan ni Arroyo

Turismong medikal para sa makapagbabayad na dayuhan

a halip na tugunan ang malaon nang suliranin ng kawalan ng mabisa at sapat na serbisyong pangkalusugan para sa naghihirap na mamamayan, ang pagbibigay-serbisyo sa mayayamang dayuhang pasyente ang inaatupag ng gubyerno ni Gloria Arroyo. Kaugnay nito, nakatuon ang programa ng sektor ng kalusugan ng rehimen sa tinatawag na turismong medikal.

Sa "turismong medikal," hinihikayat ang pagpunta sa bansa ng mga dayuhang pasyente upang makinabang sa umano'y de-kalidad at abot-kayang serbisyong medikal at pangangalaga sa kalusugan. Pinaglalawayan ni Arroyo ang tinatayang \$188 bilyong pondong gugugulin hanggang 2013 para sa industriya ng turismong medikal sa buong mundo.

Nais ibenta ni Arroyo ang Pilipinas bilang bansa kung saan mas murang makapagpapagamot ang mga dayuhan. Nais ni Arroyo na makipagkumpetisya sa "turismong medikal" ng India, Thailand at Singapore sa pamamagitan ng pag-aalok ng serbisyong medikal sa mas

murang halaga.

Napakalaking kabalintunaan ang "turismong medikal" sa harap

ng rehimeng Arroyo sa serbisyong medikal sa mamamayang Pilipino. Sa ilalim ng rehimeng Arroyo, palala nang palala ang pampublikong serbisyong pangkalusugan. Isinara ang mga ospital sa iba't ibang prubinsya, syudad at bayan sa buong kapuluan. Walang kongkretong hakbang upang pigilan ang pagkaubos ng mga nars at doktor sa bansa. Walang balak na itayo ang makabuluhang industriya ng gamot o matinong proyekto man lamang upang mapababa ang presyo ng gamot.

Sa halip na harapin ang mga usaping ito, nagkakandarapa ngayon ang rehimen upang ihanda ang natitira pang mga pangunahing ospital

pangunaning ospications sa bansa para magserbisyo sa mag dayuhan.
Todo-kayod na ngayon ang Department of Health



at Department of Tourism sa utos ni Arroyo na ihanda ang mga pribado at pampublikong ospital para sa turismong medikal. Siyam sa 20 ospital na tarqet na isama ng rehimen sa unang yuqto ng turismong medikal ay mga pampublikong ospital.

Matagal nang idinisenyo ng rehimen and pagtatayo ng Philippine Centers for Specialized Healthcare (PCSH) kung saan pagsasanibin ang rekurso at serbisyo ng anim na pampublikong ospital. Kabilang dito ang Philippine Heart Center (PHC), Lung Center of the Philippines (LCP), National Kidney and Transplant Institute (NKTI), Philippine Children's Medical Center (PCMC) at East Avenue Medical Center (EAMC).

Kabilang din sa plano ang pagtatayo ng Women's Medical Center na may 1,000 kama at pagsasara sa pampublikong Fabella Hospital. Itatayo ito sa loteng katabi ng NKTT.

Plano ring itayo ang sinasabing pambansang Reference Laboratory for Degenerative Diseases; mga sentro para sa mga sakit sa dugo, sa utak, kanser, at para sa physical therapy at rehabilitasyon; at isang gusali para sa klinika ng 1,280 doktor. Planong matapos ang pagtatayo ng PCSH sa 2010.

Ang pagsasanib sa mga nabanggit na pampublikong ospital at pagtatayo ng PCSH ay nakatuon hindi sa pagsisilbi nang libre sa mga maysakit na naghihirap na Pilipino kundi para sa makapagbabayad na mga pasyenteng dayuhan.

Kasinungalingang pag-unlad. Kasinungalingan ang sinasabi ni Arroyo na pagagandahin ng "turismong medikal" ang ekonomya ng bansa at mababawasan nito ang kahirapan ng mamamayan.

Sinasabi ni Arroyo na maqbibigay ito ng mas maraming trabaho.



Mga pampublikong ospital na kasama sa *medical tourism*

Philippine Heart Center National Kidney and Transplant Institute

Lung Center of the Philippines Philippine Children's Medical Center East Avenue Medical Center Amang Rodriguez Memorial Hospital Quirino Memorial Medical Center Pasig Medical Center Jose Reyes Memorial Medical Center

Source: DOH

Sa integrasyon ng anim na nabanggit na ospital, tiyak na magreresulta ito sa malawakang tanggalan sa trabaho at patuloy na banta sa sequridad sa trabaho ng mga ordinaryong manggagawang pangkalusugan.

Tiyak na ang tatabo lamang ng kita ay ang mga may-ari ng malalaking korporasyong ospital. Lolobo rin ang bulsa ng matataas na upisyal ng gubyerno na mangangasiwa sa transpormasyon ng mga pangunahing pampublikong ospital. Kung may kikita man ng malaki sa turismong medikal sa paniq nq mqa propesyunal na pangkalusugan, ito yaong mga ispesyalistang doktor sa larangan ng cosmetic surgery (operasyon para sa pagpapaganda) at highmedical end serious cases (mamahalin at kumplikadong kasong medikal, tulad ng organ transplants o pagpapalit ng mga internal na bahagi ng katawan).

Mas malala pa, eengganyuhin "turismong medikal" pagbwelo ng iligal na pangangalakal ng mga body organ o bahagi ng katawan tulad ng bato, atay, puso, baga, mata at iba pa. Sa kunwang pagpapakita ng pagmamalasakit sa mga pasyenteng nangangailangan ng transplant, naglabas ng pahayag ang DOH kamakailan na nananawagang huwag taasan ng mga organ donor ang singil para sa mga ibinebenta nilang bahagi ng katawan. Ang totoo'y nais ng qubyernong Arroyo na maging bahagi ng atraksyon ng Pilipinas bilang sentro ng turismong medikal ang murang mapagkukunan ng mga bahagi ng katawan. Sa katunayan, sa likod nito ay nais ng rehimen na itransporma ang Pilipinas bilang "organ-forsale capital" ng daigdig.

Kamatayan sa serbisyong pangkalusugan, kamatayan sa walang pambayad. Walang planong itaas ang badyet ng mga pampublikong ospital na pagsasanibin. Ibig sabihi'y mapipilitan ang mga ito na tumutok sa turismong medikal para madaqdaqan ang kani-kanilang mga badyet.

Lalo ring ineengganyo ang paglipat ng natitira pang mga duktor at nars mula sa maliliit na bayan at syudad tungong malalaking lunsod sa Metro Cebu at Metro Manila kung saan naroroon ang sentro ng turismong medikal. Eengganyuhin din nito ang mga duktor na magispesyalisa sa mga eryang kailangan sa turismong medikal imbes na magpakadalubhasa sa mga karamdamang karaniwang sakit ng nakararaming mamamayan.

Dahil "turismong medikal" ang tutok ng rehimen, mga dayuhang pasyente ang magiging prayoridad sa mga ospital. Sa pag-transplant ng kidney halimbawa, dahil may mga makapagbabayad na pasyenteng dayuhan, tiyak na lalong ihuhuli ang mga naghihintay na walang perang mga pasyenteng Pilipino.

Sa pagsasanib ng mga pangunahing pampublikong ospital na nakatuon sa "turismong medikal," wala nang mapupuntahan ang maysakit na ordinaryong mamamayan. At dahil nakatutok sa mapeperang dayuhang pasyente, tiyak na lalong tataas ang presyong pagpapagamot sa bansa laluna sa mga ospital na nakatuon sa "turismong medikal."

At kung kumita man ang gubyerno, tiyak namang hindi nito itataas ang kalidad ng serbisyong pangkalusugan para sa mamamayan. Malinaw ang padron ng pagpapabaya ng rehimen sa sektor ng kalusugan. Nitong nagdaang mga taon, tuluy-tuloy na lumiliit ang bahagi ng badyet na inilalaan sa kalusugan.

Kahiya-hiya ang gubyernong Arroyo sa paqtutuon nito ng serbisyong pangkalusugan sa pagpapagamot sa mga makapagbabayad na dayuhan qayonq nangamamatay ang mga Pilipinong hindi kayang magpagamot o hindi kayang makarating agad sa iilan na lamang na mga pagamutan. Gamit ang mga ospital na itinayo mula sa buwis ng mamamayan, pagsisilbihan ng gubyerno ang mapeperang dayuhan. Ganap na ang pagpapabaya ng rehimen sa pangangailangang medikal ng naghihirap na mamamayang Pilipino.

Welga sa Chiyoda, matagumpay

Ilang makabuluhang tagumpay ang nakamit ng militanteng kilusang manggagawa at mga kawani ng gubyerno nitong nakaraang Hulyo at Agosto.

Nagtagumpay noong Agosto 3 ang mga nagwelgang manggagawa ng Chiyoda Integrated Philippines Incorporated, isang kumpanyang pag-aari ng Hapon at may pabrika sa Light Industry and Science Park 1 (LISP 1) sa Cabuyao, Laguna. Natapos ang 36-oras na welga nang magkasundo sa isang negosasyong pinangasiwaan ng National Conciliation and Mediation Board ang maneydsment ng LIPS 1 at ang mga upisyal ng unyong Tunay at Lumalaban para sa Ikatatatag ng mga Manggagawa sa Chiyoda (TA-LIM-Chiyoda-Independent)-Kilusang Mayo Uno.

Malugod na binati ng PAMAN-TIK (Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan) ang mga manggagawa ng Chiyoda sa nakamit nilang panimulang tagumpay at pinaalalahanan silang huwag maging kampante. Anito, kailangang puspusan silang makibaka para maging lubusan ang kanilang tagumpay sa harap ng mga mapanupil at mapansamantalang patakaran ng imperyalistang globalisasyon.

Ilan sa mga napagkasunduang kahilingan ng mga manggagawa ang pagpapabalik sa trabaho (at pagbayad rin ng backwages) ng pinatalsik na 52 empleyado at ng ilang kasapi ng unyon; ang pagbubuo ng collective bargaining agreement (CBA) pagkatapos ng certification election; at ang di pagsasagawa ng anumang ganting aksyon mula sa magkabilang panig bunsod ng inilunsad na welga.



mantala, sa Sasa, Davao City, malaki ang lamang ng Nagkahiusang Mamumuo **Filipinas** sa Port Services, Inc.-National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno (NAMAFIL-NAFLU-KMU) sa certification election noong Agosto 6 laban sa dalawang dilawang unyon. Napag-alaman ng NAFLU-KMU sa Southern Mindanao na noong gabi bago ang eleksyon ay tinipon ng mga organisador ng Alliance of Labor Unions (ALU) sa isang beach resort and 22 manggagawa at tinangkang bilhin ang kanilang boto ng

tiq-₱100.

Sa Central Luzon, iniulat ng Workers Alliance of Region III (WAR III) ang pagkakabuo ng isang "collective negotiating agreement" (CNA) sa pagitan ng pamahalaang munisipal ng Mabalacat, Pampanga at mga kasapi ng Mabalacat Government Employees Association (MAGEA) noong Hulyo 24. Nilagdaan ni Mayor Marino Morales ang CNA bilang kinatawan ng lokal na pamahalaan sa nasabing kasunduan. Ang CNA ang katumbas ng collective bargaining agreement ng mga empleyado ng gubyerno.

Ang MAGEA ang pangalawang unyong naorganisa sa Central Luzon sa hanay ng mga lokal na empleyado ng gubyerno. Ang pinakauna ay itinatag noong 2005 sa Angeles City—ang AGENDA (Association of Government Employees for a New Dynamic Angeles City).



Pagmimina, lalabanan ng mga pambansang minorya

PUSPUSANG lalabanan ng mga pambansang minorya ang pagpasok ng mga dayong kumpanya sa pagmimina. Ayon sa Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas (KAMP), isang organisasyong nagtataguyod ng karapatan ng mga pambansang minorya, isasagawa nila ang lahat ng paraan ng paglaban—sama-sama o hiwa-hiwalay, walang patid na pagprotesta, ligal at mala-ligal—upang pigilan ang pagpasok ng mga dambuhalang dayuhang kumpanya ng pagmimina.

Ayon sa KAMP, responsibilidad ng rehimeng Arroyo ang lahat ng mga sakunang idudulot ng pagmimina. Iginigiit ng KAMP ang pagpapawalambisa sa mga kontratang pinasok ng rehimen sa mga imperyalistang kumpanya. Inilantad nilang 18 sa 24 na prayoridad na proyekto ay nasa mga lupaing ninuno: sampu sa Mindanao, anim sa Cordillera at tig-isa sa Palawan at Mindoro.

Kinundena rin ng KAMP ang mga paglabag sa karapatang-tao, kabilang na ang dislokasyong pang-ekonomya, pagpapalayas sa mga minoryasa kanilang mga teritoryo, at ang "etnosidyo" sa mga kasapi ng tribo. Binatikos ng mga pambansang minorya ang Human Security Act: "Sabay na gagamitin ng rehimen ang mga batas sa pagmimina at HSA upang gawing ligal ang panunupil, malawakang pangangamkam ng lupa at ang pagpaslang sa mga mamamayang lumalaban sa pakanang pagmimina."

Nito lamang Agosto 13, nagpiket sa harap ng upisina ng kumpanya ang mga mamamayang apektado sa pagbubukas muli ng Philex Mining Corporation sa Benguet. Pinigilan din nila ang pagpasok ng mga kagamitan sa paghakot ng mga lupa sa *open pit mine site* ng PMC.

Masaker sa Iraq

KINUNDENA ng mga pinuno ng Shiite ang pambobomba ng US Army sa isang maralitang komunidad ng Sadr City, sa bandang silangan ng Baghdad, Iraq noong Agosto 8. Umabot sa 30 katao ang namatay sa pananalakay, kabilang ang mga bata at mga babae. Madaling araw nang simulan ang pag-atake ng mga helicopter gunship ng pinagsanib na mga pwersa ng US at Iraqi sa komunidad na pinagtataguan umano ng mga pwersang gerilya.

Ang desperadong atakeng sundalong nq mga ito Amerikano at mga papet na tropa ng US ay bunsod ng kabiquang supilin ang nagpapatuloy na pakikipaglaban ng mamamayang Iragi. Dalawang helicopter gunship ng US Army ang napabagsak ng mga pwersang gerilya—isang Apache AH-64 sa distrito ng Al Gedida noong Hulyo 31 at isang CH-58 D sa bandang timog ng Baghdad noong unang bahagi ng buwan.

300,000 armas sa Iraq, nawawala

MAHIGIT 300,000 sarisaring armas at kagamitang militar ang nawawala sa imbentaryo ng Iraqi Security Forces (ISF) nitong Hulyo 2007. Ito ang nabunyag sa isinagawang imbestigasyon ng Kongreso ng US. Ayon sa imbestigasyon, naging maluwag ang distribusyon ng mga armas at walang pananagutan ang mga kumander sa paglalabas ng mga gamit militar. Umaabot sa 110,000 ripleng Kalashnikov at 90,000 pistola ang kabilang sa nawawalang kagamitan.

Mula noong 2003, ang mga pwersa ng ISF ay binigyan ng mahigit 700,000 kagamitan mula sa ayudang militar ng US na inilaan para sa Iraq. Nagmula ito sa \$2.8 bilyong badyet na pambili ng mga armas at mga kagamitang militar na bahagi ng \$19.2 bilyong inilaan para sa Iraqi Security Forces.

Humihingi ang US Department of Defense (DOD) sa Kongreso ng US ng karagdagang \$2.8 bilyong badyet para pambili ng mga armas sa taong

2008 para sa Iraq. Subalit hindi maipaliwanag nq DOD nawawalang mqa armas at kagamitang militar. Idinahilan nilang hindi naging maayos ang pag-iimbentaryo ng mga sunudsunod na kumander na namahala sa pagbili at pamimigay ng mga gamit militar dahil sa kakulangan ng tauhang magsasagawa nito. Hindi rin daw nila makuha lahat ng napirmahang resibo dahil hirap ang mga sundalong Amerikano na puntahan ang mga istasyon ng pulisya at kampo militar ng mga Iragi.



Taon XXXVIII Blg. 16 Agosto 21, 2007 www.philippinerevolution.org

Editoryal

paniq

nq

bansa,

Samantalahin ang kaguluhan at malawakang demoralisasyon sa AFP

Armed Forces of the Philippines (AFP) bunsod ng sunud-sunod na mga pinsalang tinamo ng mga pwersa nito sa nagdaang buwan.

Sa Basilan at Sulu, mayor na mga kabiguan ang dinanas kamakailan ng mga yunit ng AFP sa kamay ng mga pwersa ng Moro Islamic Liberation Front (MILF), Moro National Liberation Front (MNLF) at mamamayang Moro. Sa iba pang

malawakan din ang idinudulot na pinsala ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa AFP.

Labis na ikinagagalit ng karaniwang mga sundalo at mga nakababatang upisyal ng AFP ang paggamit sa kanila bilang pambala ng kanyon at pamain sa pinatitinding todo-digma ng rehimeng US-Arroyo. Lalo nilang ikinagagalit ang malalang korapsyon at pagpapakasasa ng mga pinunong upisyal ng rehimen at ng AFP sa kapinsalaan ng kabuhayan ng karaniwang

mga sundalo. Talagang daranas ng malalaking kabiguan ang AFP at lalo pa itong lalala dahil di makatarungan at pasista ang geranq isinusulong ng rehimeng US-Arroyo laban sa Bangsamoro at mamam a yanq

Mga tampok sa isyung ito...

Berdugong yunit ng militar, pinarusahan PAHINA 5

Turismong medikal PAHINA 8

Welga sa Chiyoda, tagumpay PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **pahina 12**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2. Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*